

# Ota City Navigation



## Paano itapon ang mga recyclable at basura sa pagtatapos at pagsisimula ng taon

Lahat ng koleksyon ay sarado mula Disyembre 31 (Biyernes) hanggang Enero 3 (Linggo). Kokolektahin namin ang mga basura tulad ng normal mula Enero 4 (Martes) ng pagsisimula ng taon.

Buwan ng koleksyon		Mga bagay na kokolektahin		2021 Disyembre	2022 Enero
		Recyclables	Nasusunog na basura	Mangongolekta tulad ng normal hanggang 30 (Huwebes).	Mangongolekta tulad ng normal mula 4 (Martes).
Klasipikasyon				Araw ng pagtatapos sa loob ng itong taon	Araw ng pagsisimula sa susunod na taon
Hindi nasusunog na basura	Una / Pangatlong linggo	Distrito sa Lunes		20 (Lunes)	17 (Lunes)
		Distrito sa Martes		21 (Martes)	4 (Martes)
		Distrito sa Miyerkules		15 (Miyerkules)	5 (Miyerkules)
		Distrito sa Huwebes		16 (Huwebes)	6 (Huwebes)
		Distrito sa Biyernes		17 (Biyernes)	7 (Biyernes)
		Distrito sa Sabado		18 (Sabado)	15 (Sabado)
	Pangalawa / Pang-apat Araw	Distrito sa Lunes		27 (Lunes)	10 (Lunes / Pista opisyal)
		Distrito sa Martes		28 (Martes)	11 (Martes)
		Distrito sa Miyerkules		22 (Miyerkules)	12 (Miyerkules)
		Distrito sa Huwebes		23 (Huwebes)	13 (Huwebes)
		Distrito sa Biyernes		24 (Biyernes)	14 (Biyernes)
		Distrito sa Sabado		25 (Sabado)	8 (Sabado)
Malalaking basura Sistema ng aplikasyon/ Bayad		[Mag apply sa] Ota City Bulky Waste Reception Center ☎ 03-5465-5300 (8:00 am - 7:00 pm / Tumatanggap din sa Sabado, Linggo at Pista opisyal) Subalit, titigil sa pagtanggap mula Disyembre 29 (Miyerkules) hanggang Enero 3 (Lunes).			

Sa panahon ng pagtatapos at pagsisimula ng taon, maaaring magbago nang husto ang oras ng koleksyon at kurso ng koleksyon hindi katulad ng normal. Tungkol sa oras ng pagtatapon ng mga recyclable at basura, mangyaring ilabas ito sa collection area hanggang 8:00 am sa araw ng pagkokolekta.

Makipag-ugnay sa

Sanitation Division ☎ 03-5744-1628 FAX 03-5744-1550  
 Omori Waste Collection Office ☎ 03-3774-3811 FAX 03-3775-6028  
 Chofu Waste Collection Office ☎ 03-3721-7216 FAX 03-3722-3478  
 Kamata Waste Collection Office ☎ 03-6451-9535 FAX 03-6451-9623



# Tungkol sa pamamaraan sa pagtatapos at pagsisimula ng taon para sa Child Allowance

Mula Disyembre 29 hanggang Enero 3, hindi maaaring tumanggap ng aplikasyon para sa Child Allowance sa tanggapan (kabilang ang tanggapan ng Branch Office). Ang deadline para sa aplikasyon ng mga batang isisilang sa Disyembre at mga taong lumipat mula sa ibang munisipalidad ay ang mga sumusunod.

Araw ng paglilipat (Tandaan 1)	Ang deadline ng aplikasyon kung saan "ang buwan ng pagsisimula sa pagbayad ay Enero" (Tandaan 2)
Disyembre 1 hanggang 13	Hanggang Disyembre 28 Hanggang Disyembre 31 para lamang sa elektronikong aplikasyon
Disyembre 14 hanggang 20	Hanggang Enero 4
Disyembre 21 hanggang 31	Hanggang sa ika-15 na araw mula sa araw kasunod ng araw ng paglilipat (kasunod na araw ng pagbubukas kung ang ika-15 araw ay Sabado·Linggo, Holiday, atbp.)

(Tandaan 1) Araw ng kapanganakan, araw na naka-iskedyul ang paglilipat ng taong karapat-dapat tumanggap na nakasaad sa abiso ng paglilipat mula sa nakaraang adres, atbp.

(Tandaan 2) Para sa kasong pagpapadala sa koreo, petsa ng pagdating sa tauhang medikal ng bata

**Buwan ng pagsisimula ng pagbayad**

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang pagbabayad ay isasagawa mula sa halaga ng buwan na kasunod ng buwan ng aplikasyon. Gayunpaman, kahit na ang aplikasyon ay sa buwan kasunod ng buwan ng paglilipat, kung ang aplikasyon ay sa loob ng 15 araw mula sa araw ng paglilipat, ito ay babayaran mula sa halaga ng buwan ng aplikasyon. Maaaring isumite ang mga nakalakip na dokumento sa ibang araw, kaya mangyaring mag-apply ng maaga.

**Paano mag-apply**

- Mangyaring isumite ang iyong aplikasyon sa counter, online o sa pamamagitan ng koreo. Mangyaring tingnan ang website ng Ota-ku o makipag-ugnay sa mga sumusunod para sa mga katanungan tungkol sa pamamaraan ng elektronikong aplikasyon.
- Posible ring isumite ang aplikasyon sa branch office para lamang sa mga kaso ng paglipat papasok mula sa labas ng lungsod at panganganak.

**Mag-apply sa (Makipag-ugnay sa)**

Childcare Support Division Medical Care for Children

☎ 03-5744-1275 FAX 03-5744-1525 E-mail t-kod-ko@city.ota.tokyo.jp



## Tungkol sa Pagbakuna ng COVID-19

### Tungkol sa pagbabakuna

Hanggang noong Nobyembre, ang malawakang mass vaccination ay bumaba nang husto. Patuloy kaming nagbibigay ng pagbabakuna sa mga taong nalalapat sa mga sumusunod.

[Mga kwalipikado]

- Mga magiging 12 taong gulang at nais makatanggap ng pagbabakuna
- Mga lumipat sa Ota City at nais makatanggap ng pagbabakuna
- Mga nais makatanggap ng una at pangalawang pagbabakuna, atbp. mula ngayon

[Saan mag-aapply] Ota City COVID-19 Vaccination Call Center

☎ 03-6629-6342

Ota City COVID-19 Vaccination Multilingual Interpretation Service (tumutulong kami sa pagkuha ng appointment) ☎ 03-6436-4731



### Tungkol sa patunay ng pagbabakuna

Sa Japan, maaari mong mapatunayan ang katotohanan ng iyong pagbabakuna gamit ang "sertipiko ng pagbabakuna (pansamantala)" na naka-attach sa vaccination ticket. Dahil rito, mangyaring ingatan ang iyong vaccination ticket kahit pagkatapos makatanggap ng pagbabakuna. Gayundin, ang mga tinatawag na vaccine passport ay iniisyu hiwalay sa sertipiko ng pagbabakuna. Pangunahing iniisyu ito para sa mga nais maglakbay sa ibang bansa.

\*Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon sa pagbabakuna.



**Makipag-ugnay sa**

Covid-19 Vaccination Call Center Oras na tumatanggap: Weekdays, Sabado 8:30 am - 5:15 pm (\*Maliban sa holidays) ☎ 03-6629-6342

Ota City COVID-19 Vaccination Multilingual Interpretation Service Oras na tumatanggap: Weekdays, Sabado 8:30 am - 5:15 pm (\*Maliban sa holidays)

\*Tumutugon sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, Vietnamese, Tagalog, Nepalese, Indonesian, Thai, Russian, Hindi, French ☎ 03-6436-4731



# Mayroong expiration date ang My Number Card.

## Mga dayuhang nasyonal na walang itinakdang panahon ng pananatili

Para sa mga 20 taong gulang pataas, ang expiration date ay mula sa araw na nilikha ang card hanggang sa ika-10 kaarawan.

Para sa mga wala pang 20 taong gulang, ang expiration date ay mula sa araw na nilikha ang card hanggang sa ika-5 kaarawan.



## Mga dayuhang nasyonal na may fixed na panahon ng pananatili

Ang expiration date ay hanggang sa araw ng pagtapos ng panahon ng pananatili. Ang expiration date ng My Number Card ay hindi awtomatikong in-extend. Kung na-renew ang iyong panahon ng pananatili, mangyaring gawin ang pamamaraan ng pag-extend ng iyong My Number Card bago ang expiration date ng iyong panahon ng pananatili bago ito ma-renew. Kapag hindi mo ito nagawa, mag-eexpire ang iyong My Number Card. Kung nais mong mag-isyu muli ng My Number Card pagkatapos ng pag-expire nito, sisingilin ka. Kung hindi mo mapagpasyahan ang iyong bagong panahon ng pananatili bago ang expiration date ng iyong panahon ng pananatili, mangyaring makipag-ugnay sa amin.

## Pamamaraan ng pag-extend ng validity period ng iyong My Number Card sa pag-renew ng panahon ng pananatili

- Mga maaaring mag-apply: Mismong tao o kasamahan sa parehong sambahayan (\*Kapag ang kasamahan sa parehong sambahayan ang mag-aapply, mangyaring humingi ng 4-digit PIN mula sa mismong tao)
- Mga dadalhin: My Number Card, residence card, PIN
- Lugar na tumatanggap
  - (1) Ika-3 counter ng Household Residents Registry Division sa ika-1 palapag ng Ota City Office  
Oras na tumatanggap: Mula Lunes hanggang Biyernes 8:30 am - 5:00 pm (maliban sa Pista opisyal at pagtatapos at pagsisimula ng taon)
  - (2) Ota City My Number Card Center(2-3-7 Sanno, Ota-ku)  
Oras ng pagtanggap: Lunes – Biyernes 9:00 am - 6:30 pm  
Sabado at Linggo 9:00 am - 4:30 pm (Maliban sa ika-3 sabado at ang susunod na Linggo nito, Pista opisyal, pagtatapos at pagsisimula ng taon)

Makipag-ugnay sa

Komprehensibong libreng dial ng Ministry of Internal Affairs and Communications My Number

☎ 0120-95-0178 \* Hapon

☎ 0120-0178-27

\*Tumutugon sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges (Weekdays: 9:30 am - 8:00 pm, Sabado, Linggo at Pista opisyal: 9:30 am - 5:30 pm)



Ota City's My Number Call Center

☎ 0570-03-3370

\*Tumutugon sa wikang Hapon, Ingles, Instik, Koreano

FAX 050-3737-9318

(Weekdays: 9:00 am - 5:00 pm maliban sa pagtatapos at pagsisimula ng taon)



## FY 2021 Yaguchi District Quiz Rally

Pumunta sa mga sikat na lugar ng Yaguchi district kung saan gaganapin ang pagsagot ng quiz sa Quiz Rally! Kung mayroon kang quiz question form, maaaring lumahok ang kahit na sino sa panahong ito! Ibabahagi ang mga quiz question form sa mga pampublikong pasilidad ng Yaguchi district tiulad ng Yaguchi Branch Office, Residents Plaza, at Shimo-Maruko Library. Maaari din itong mai-download mula sa website. Magbibigay din kami ng premyo sa mga sasali! Mangyaring makipag-ugnay sa amin para sa mga detalye!

Kailan

Disyembre 1, 2021  
hanggang Pebrero 28, 2022

Magkano

Libre

Paano mag-apply

Walang kailangan na aplikasyon

Saan

Yaguchi district: Lahat ng lugar sa Shimo-Maruko, lahat ng lugar sa Yaguchi, Chidori 1-3 chome (maliban sa ilang mga lugar)

Makipag-ugnay sa

Community Activities Promotion Division Yaguchi Branch Office

☎ 03-3759-4686 FAX 03-3759-1492



# Katsu Kaishu Memorial Museum

## “Seimei Bunko ~Mga bagay na ipinasa sa paglipas ng panahon~”



Thermometer ni Kaishu na in-exhibit sa Seimei Bunko noong unang panahon

Ang Katsu Kaishu Memorial Museum ay gumagamit ng “lumang Seimei Bunko”, isang pambansang rehistradong tangible cultural property. Sa maagang panahon ng Showa, ang Seimei Bunko ay nakikibahagi sa mga gawain tulad ng pag-preserve ng mga labi na nauugnay kay Kaishu at koleksyon ng mga libro. Sa exhibition na ito, nakatuon kami sa “exhibition” na naganap doon at ipakikilala ang mga exhibit mula sa panahon na iyon.

### Kailan

Disyembre 17, 2021 (Biyernes) hanggang Marso 13, 2022 (Linggo)

■ Oras na bukas ang Museum 10:00 am - 6:00 pm

\*Lunes (susunod na araw kapag ito ay pista opisyal)

\*Sarado ang museum sa Disyembre 13 (Lunes) hanggang 16 (Huwebes) dahil sa pagbabago sa exhibition

\*Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

### Magkano

■ Bayad sa pagpasok Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school 100 yen (may iba't-ibang discounts)

Saan  
(Makipag-  
ugnay sa)

Katsu Kaishu Memorial Museum  
Ota-ku Minamisenzoku 2-3-1  
☎ 03-6425-7608 FAX 03-6425-7610



## Furuhama Admission-free Day

Nais mo bang mag-enjoy ng beach sports sa ibabaw ng malambot at maputing buhangin? Nagpaparenta kami ng mga kagamitan para sa beach volleyball, beach tennis, atbp. nang libre, at maaari kang makapag-enjoy ng iba't ibang mga beach sports. Nagbibigay din kami ng mga madadaling lecture para sa mga may nais. Gumawa kami ng mga paraan upang ma-enjoy ito ng lahat mula sa mga bata hanggang matatanda, kaya't huwag mag-atubiling bisitahin kami kasama ang iyong buong pamilya!



### Kailan

Disyembre 21, 2021 (Martes), Enero 9 (Linggo), 17 (Lunes), 25 (Martes), 2022

Umaga / 10:00 am - 12:00 pm Hapon / 1:00 pm - 4:00 pm

### Saan

Omori-Higashi Waterside Sports Area Beach Volleyball Main Court  
1-37-1 Omori-Higashi, Ota-ku

### Paano mag-apply

Ang pagtanggap ay gagawin sa mismong araw at lugar

### Magkano

Libre

### Ilang tao

Hanggang mga 15 katao at gagamit sila ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.

Makipag-  
ugnay sa

Sports Promotion Division  
☎ 03-5744-1441 FAX 03-5744-1539 E-mail sports@city.ota.tokyo.jp



Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

〒144-8621 5-chome-13-14 Kamata, Ota-ku ☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyū Kamata.